## Kuwento 10 :
## Ang pagkamatay ni Esteban

Talata sa Bibliya
[Mga Gawa 7:59]

**At habang binabato nila si Esteban, nanalangin siya ng ganito: "Panginoong Jesus, tanggapin mo po ang aking espiritu.**

Matapos ang muling pagkabuhay ni Hesus, ang mga apostol ay masipag na nangangaral ng salita ng Diyos at marami ang naniniwala.
Ang mga apostol ay nagtalaga ng pitong lalaki na mangangalaga sa bahay sambahan.
Isa sa kanila ay isang lalaki na puno ng pananampalataya na nagngangalang Esteban.
Ang pangalang "Esteban "ay nangangahulugang "korona"
Si Esteban ay gumagawa ng mga himala sa mga tao. Tulad ni Hesus, nagpagaling siya ng may sakit at pinaalis ang mga demonyo.
Kaya't marami ang sumusunod kay Esteban.
Sa pamamagitan ng karunungan ng Panginoon, napapangaral ni Esteban ang salita ng Diyos sa mga tao.
Kaya't marami ang sumusunod kay Esteban.
Isang araw, maraming tao ang naiinggit at nagagalit kay Esteban, at sinasabi nila sa mga nakakatanda at guro ng mga batas na si Esteban ay nagsisinungaling at hindi nirerespesto ang Panginoon at salita nito.
Kaya naman dinakip si Esteban ng mga namumuno sa relihiyon.
Ang lahat ng mga namumuno ay nagmasid kay Esteban, ngunit ang wangis ni Esteban ay mistulang anghel.
Sa mga panahong iyon ng mga Judaismo, may malaking parusa na nakaatang sa mga taong hindi rerespeto sa Panginoon at sa salita nito at ito ay sila'y babatuhin hanggang sila ay pumanaw.
Ang mga taong galit at naiingit kay Esteban ay nais siyang batuhin hanggang sa ito'y mamatay.
Ngunit, hindi natatakot si Esteban. Siya ay nagpatuloy sa pangangaral ng salita ng Diyos. At nagsimula na siya'y batuhin!
"Panginoon, tanggapin mo ang aking kaluluwa at huwag mong ipatang sakanila ng kasalanan na ito."
Di nagtagal, si Esteban at pumanaw. Nangaral si Esteban ng salita ng Diyos hanggang sa kaniyang huling hininga.
Kaya't si Esteban ang unang tao na nagbigay ng kaniyang buhay para sa sambahan.



**Gawain 1.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Anong ginawa ni Esteban?

---------------------------------------------------------------

b. Sino ang unang taong nagbigay ng kanyang buhay para sa unang simbahan?

---------------------------------------------------------------

c. Basahin ang Mga Gawa 7:54-60 at sagutin: Ano ang tatlong bagay na sinabi ni Esteban sa kanyang sermon at noong siya ay binato? Mangyaring punan ang mga patlang.

◆ Tingnan ninyo! Nakikita kong bukás ang ____________ at ang ____________na nakatayo sa kanan ng Diyos."

◆ "Panginoong Hesus, tanggapin mo po ang aking __________________ .

◆ "Panginoon, huwag mo po silang __________________ sa _____________ .

- **Basahin at isaulo ang talata sa Bibliya. (Gawa 7:59)**

> **At habang binabato nila si Esteban, nanalangin siya ng ganito:**
> **"Panginoong Jesus, tanggapin mo po ang aking espiritu**

**Gawain 2.** Maghanap ng 10 nakatagong larawan sa sumusunod na larawan.

▶ Pampaskong sumbrero volleyball, baseball bat, peras, walkie–talkie, ahas, liyabe , sili, kuhol, tinidor.

